FoodCycle

# PAGRE-RECYCLE NG TIRANG PAGKAIN

Kung Paano Magsimula ng Matagumpay na Programa


## Mahalaga ang Pagsasanay sa mga Empleyado

Posibleng mukhang komplikado ang pagsisimula ng programa sa pagre-recycle ng tirang pagkain, pero ipapakita ng simpleng mga hakbang na ito sa inyong mga kawani kung paano magagawa ito. Gamitin ang nakatutulong na mga payo at mga mapag-uusapan sa gabay sa pagsasanay na ito upang maging mabilis at madali ang pag-aaral.

1

### Planuhin ang Pagsasanay ng Inyong mga Kawani

- **Ipuwesto ang mga lalagyan at karatula.** Tingnan ang pahina 2 para sa tamang pagpupuwesto. I-download at i-print ang mga karatula mula sa sswr.com.
- **Isama ang lahat ng kawani** na nag-aasikaso sa pagtatapon ng pagkain.
- **Isagawa ang pagsasanay sa lugar.** Gamitin ang meron na kayong mga lalagyan na nasa normal na espasyo ng pagtatrabaho ng inyong mga kawani. Pag-usapan ang halimbawa ng mga tirang pagkain na regular na inaasikaso ng inyong mga kawani.
- **Tukuyin ang mamumuno** sa bawat shift na makasasagot ng mga tanong at makapagbibigay ng pagsasanay sa bagong mga kawani.






2

### Ipaliwanag Kung Bakit Mahalaga ang Pagre-recycle ng Tirang Pagkain

- **Mayaman sa nutrisyon ang tirang pagkain at puwedeng magkaroon ng mabuting gamit ang mga ito, pero magagawa lang ito kung maihihiwalay ang tirang pagkain sa basura.** Ang tirang pagkain ng Sunnyvale ay posibleng maging malinis na enerhiya, pataba sa lupa, o sangkap sa pagkain ng hayop.
- **Batas ito ng estado – itinatakda ito ng SB 1383.**



## Kailangan ba ninyo ng Tulong?

**Tumawag sa Utilities Customer Service** sa 408-730-7400 para sa tulong sa singil, hindi nagawang pagkuha ng tirang pagkain, mga araw ng pangongolekta, o mga nakuha mula sa mga halaman, damo, o puno (landscaped material; kailangan ng hiwalay na lalagyan)

**Tawagan ang Zero Waste Coordinator (Tagapag-ugnay) ng Lungsod ng Sunnyvale** sa 408-730-7262 para sa libreng mga kagamitan, mapagkukunan ng tulong at impormasyon, at paglutas sa pangkalahatang mga problema.

**Panoorin ang how-to videos (mga bidyong natuturo kung paano gawin ang isang bagay) sa Youtube.com/SunnyvaleRecycling**

Sunnyvale

## 3

# Ipakita sa mga Empleyado kung Paano Pasisimulan at Gagamitin ang Programa

## Kung Paano Wastong Ipupuwesto ang mga Lalagyan




- **Gawin itong kumbenyente.** Ipuwesto ang mga lalagyan sa kumbenyenteng mga lugar para sa paggamit ng mga kawano.
- **Gumamit ng de-kolor na mga lalagyan.** I-color code o magtakda ng kulay para sa bawat paggamit ng lalagyan:
  - **Brown** o **Kayumanggi** = Tirang pagkain
  - **Asul** = Pagre-recycle
  - **Itim** o **Kulay Abo** = Basura
- **Panatilihing malilinis ang mga ito.** Gumamit ng mga bag na clear o nakikita ang loob para madaling makita ang mga contaminant (sangkap na nakalalason o nagdudulot ng polusyon).
- **Magpaskil na karatula mula sa website.** Malinaw na ipaskil ang mga karatula sa itaas o sa gilid ng bawat lalagyan.

  Pumunta sa sswr.com/organics-collection para mag-download ng poster.

## Kung Paano Wastong Mapananatili ang mga Laglagyan sa Maayos na Kondisyon

- **Huwag labis-labis na punuin ang mga bag.** Inirerekomenda namin ang paggamit ng mas maliliit na lalagyan at bag. Mabibigat ang tirang pagkain!
- **Ipagbuhol ito.** Gumawa ng buhol para masara ang bawat bag – dapat ay walang makawalang pagkain sa loob ng lalagyan.
- **Panatilihing nakasara ang mga takip.** Isara ang panlabas na takip ng lalagyan upang mapakaunti ang kalat at amoy.
- **Dalhin ang puno nang mga bag sa lalagyan ng koleksiyon ng tirang pagkain na nasa labas ng gusali.**

## Gamitin ang mga Lalagyan sa Tamang Paraan

### OO

- **Lahat ng pinagtabasan ng pagkain at tirang pagkain sa plato,** kasama na ang karne at tahong, talaba at katulad na pagkaing dagat, itlog, gatas at pagkaing mula sa gatas, prutas, gulay, at mga bagay na gawa ng panaderya.
- **Filter ng kape at bag ng tsaa.**
- **Buto ng prutas, pinagbalatan ng prutas at gulay,** at **shell o tira mula sa tahong, talaba o katulad na pagkaing-dagat.**
- **Panis o may amag na pagkain.**



### HUWAG NA LANG, SALAMAT

- **Likido** (ang laman ng sabaw, at solidong pagkain ay puwedeng pumunta sa lalagyan ng tirang pagkain).
- **Sebo/mantika** (tinatanggap ang kakaunti, pero kapag marami ay kailangang kolektahin ng waste-oil collection service o serbisyo para sa pangongolekta ng itinatapon na mantika).
- **Kristal, metal, plastik** o iba pang nare-recycle
- **Basura, plastik na guwantes, foil na pambalot, plastik na straw, plastik na stiick na panghalo, twist-ties o panali ng gulay o prutas**, o iba pang maliliit na contaminant (sangkap na nakalalason o nagdudulot ng polusyon).
- **Mga papel na produkto tulad ng napkin, plato, tasa, mangkok** (hindi puwede kahit na iyong nako-compost)



## 4

# Ipaliwanag Kung Ano ang Mangyayari Kapag Nagkaroon ng Kontaminasyon sa Lalagyan ng Tirang Pagkain

- **Sa unang pagkakataon.** Magbibigay ng babala pagkatapos ng unang pagkakataon na may makitang kontaminasyon.
- **Sa ikalawang pagkakataon.** Tatanggi ang drayber na tanggalin ang laman ng lalagyan hanggang sa maalis ang contaminants at magbabayad kayo ng singil para sa biyahe sa pagbalik (return trip fee) para makuha ang mga laman ng lalagyan.